# MUSIKERONG BULAG

**Sibol**

Sa sandaling tahimik, kung saan
kita ang kapirasong langit, may ilang salitang
unti-unting sumasaisip, halos bumubulong

— at sa loob mayroong tumitinag, hangad ay kidlat
at ang alingawngaw na susunod, na dahan-dahang
lalaganap, lalapit at lalalim.

Mahirap ipaliwanag, mahirap hanapin
at tugisin ang mga bakas, marahil
hindi kayang tuklasin ang sanhi.

Anong ulap ang nagpunla,
sa anong lupa tumutubo,
anong lihim ang ipinandidilig?

Anong kantero ang bumubuo,
anong latero ang humuhubog at
anong apoy ang nagpapadalisay?

Madalas mapusok ang ganito, pumapasok
nang walang pasintabi, lumulundag na mala-alamid,
lumilipad na parang kakaibang panaginip.

Minsa'y mahiwaga, mapamighaning
nanghihimok, sumusuot sa loob at tila
usok na kumakapit, binabago ang isipan.

Marahang hinahawi ang mga oras
na walang laman, mga minutong
walang iminumungkahi,

mga bukangliwayway na walang pahiwatig,
buwang walang ulap na pumapaligid
at walang dalang alamat.

Ginigising ang mga animo'y walang malay o ramdam,
mga pusong walang layon at
walang layag —

*Buwagin ang anumang balakid.*
*Pakawalan ang mga alamid.*
*Apuyan ang mga panaginip.*

Sa kaloob-looban ng sandali at ng diwa,
umiinit, tumitindi, tila mamimilansik at
mukhang magniningas ang tumutubong tula.

**Pag-aapoy sa gubat**

Putulin, parang tuyong kawayan,
Ang misteryo at biyakin.

Kaskasin, parang balat,
Ang kabuuan at ilantad.

Ilapag sa lupa, hawakang mabuti
At butasan sa pinakagitna.

Parang kapirasong patpat
Sa pagitan ng mga palad

Paikutin nang madiin
Ang mga nilalaman.

Huwag titigil, tuloy-tuloy,
Hindi sinusukat ang oras.

Hanggang unti-unting
Magbago't uminit

At magbanggaan ang mga
Magkaiba't magkasalungat.

Sa tagal, tiyaga at pagod mo
Dahan-dahang magkakauusok

May kikislap
At tuloy magniningas.

Isang bagong misteryo,
Tataas at magsisiklab.

**Sa larawan ng musikerong bulag**

Higit ang dami ng guhit mo sa noo
kaysa sa mga kuwerdas ng banduriang
hindi mo nakikita. At katulad
ng mga pulos puti mong buhok
ang mga butas ng pader: animo'y
tumatalsik sa liwanag.

Hindi ko naririnig ang tugtog,
hindi ko nakikita ang mga kilos
ng kamay at mga kalabit ng daliri,
ikaw lamang ang nakakaalam
ng layo at lalim ng nararating.
Baka narating mo na at pikit-mata
at ikom-bibig mong hinahayaang
ang banduria ang magsabi.

Ituloy mo't kung makikita'y
aawitin ko ang mga salita,
isasayaw kung madarama mo
ang magiging indayog.
Tatayog ang lipad, malayo
ang mararating kung madarama
ang tumatalsik na liwanag. Iyon
ang magiging limos mo sa akin.

**Ang makata sa tapat**

Palaging nakasindi ang maliit na lampara
sa panaderya diyan sa kanto sa tapat.
Maaga pa’y nag-aabang na
ang mga tsuper ng taxi’t pedicab,
mga tagawalis ng lansangan,
mga dumaraan lamang, at
mga kapitbahay na paminsan-minsa'y
may mga akay-akay na bata.

Nakapusod ang mahaba’t maputing buhok
ng makata diyan sa tapat —
mga makata ang itinawag ni Neruda
noong gabi ng premyong Nobel
sa mga panadero at panadera ng iba't ibang
kanto ng mundo habang naghahain sila
ng mga inihahanda nila araw-araw:
*Mga pagkain, mga totoo, mga pangarap*.

Marahil dumaan na si Aling Unday
sa mga panahong nagbibigay ng kaunawaan,
at malamang paminsan-minsa'y pumapasok
din sa isip niya ang tadhana, ang mga landasin
at mga patutunguhan, habang tuloy-tuloy
sa paggawa at paghain ng mga tinapay,
empanada at pan de sal na binubuo niya
nang payak at walang pagkukunwari.

Ilang oras bago sumikat ang araw,
minamasa niya ang harina, binibigyan
ng hubog, at niluluto sa hurno
hanggang sa magkulay-malaginto.
*Ang mga unang pumatnubay  sa atin*,
wika ni Neruda. May ilaw ang lampara,
isang pulang kopitang may mitsa at langis.
Malamang wala sa isipan ng mga parukyanong
kapitbahay o dumaraan lamang, mga taong hindi
masalimuot, ang mga katanungan at kasagutan
sa itaas at sa ibaba, sa malayo at sa malapit,
ang mga hindi nakikita o naririnig, ngunit
nasisiyahan silang tanggapin ang mga nakahain
at agad nalulugod sa napapaloob.

**Mga Evacuee**

Takbo, takbo,
itong batang ito,
kung bakit hindi
suungin ang dilim.

Naku bakit mo iniwan
ang sapin mo sa paa.
Ayan, akyat, dali, bilis.

Huwag ka nang magpabuhat, anak,
ang bigat-bigat na nitong si Neneng,
wala ring sapin,walang anumang saplot.

Itong buwig ng saging, ang bigat-bigat din,
baka ito lamang ang bubuhay
sa atin sa kung saan.

Huwag mong itanong kung nasaan
ang tatay mo, hindi ko rin alam.
Umalis. Hindi ko alam.

Ang dilim-dilim, wala akong makita.
Wala akong makita.

Ano ang mga ito,
parang mga tao
sa paanan. Takbo,
huwag mong pansinin,
takbo, bilis at baka
diyan tayo matulad.

Umuulan, umuulan nga ba,
bakit umuulan, baka mahulog si Neneng,
baka mabitiwan ko itong pagkain natin.

Doon, hindi ko alam kung saan, doon pa,
matagal pa, huwag mong itanong.

Sandali, sandali, ang bigat-bigat.
Ang dilim-dilim, bakit ang dilim-dilim.

Sige, takbo, takbo nang takbo,
huwag titigil.

**Tadyang (Ang Dalamhati ni Eva)**

Tahimik kong tanggap
Ang pinagmulan ko.
Isang pirasong buto,
Isa lamang sa marami,
Baluktot at walang-galaw.
Mula sa katawan niya. Mula
Sa kumukupkop sa puso niya't
Hininga para maharap niya
Ang mundo nang may lakas-loob.

Nawa'y maunawan na niya
Na ang tangi kong ginising
Sa kanya ay ang pagnanasang
Maunawaan ang kanyang sarili
At mabatid ang patutunguhan niya.

Ako, kailan ko mababatid ang sarili ko?
Narito kami't namumulot ng mga dahon
Para ipantakip sa mga natutuklasan namin.

•

Ang punong mapang-akit
Sa tabi ng Puno ng Buhay,
Doon sa gitnang mausok
Kung saan ang lahat
Ay ipinagkaloob —
Mananatili iyon, laman
Pa rin ang mga nakatagong
Buto ng kaalaman.

Mananatili rin ang katanungang
Umakit sa akin at sa kanya.

Marahil maaaring hindi kinailangan
Ng isang manunukso. Marahil
Maaaring dumating na lamang
Ang sandaling tahimik at
Dahan-dahan, sa kanya man
O sa akin o sabay sa aming dalawa,
Upang magising ang pagnanasa
Sa loob ng isip at puso at diwa namin,
Ang pagnanasang manuklas.
Iyon na sana ang totoong simula namin.

•

Ngayo’y nababalot kami
Ng takot sa kamatayan
Dahil pinili naming
Sumuway — isang bagong
Salita — ngunit may pag-asa
— Isa pang bago’t napakahalaga —
Na may awa’t kapatawaran —
Kay bilis ng pagsibol ng mga salita
Bagama’t malungkot at madalamhati,
At maaaring lumalago pati kami, bunga
Ng pamumukadkad ng damdamin at
Pagbukas at paglukso ng isipan,
At baka sakaling magpatuloy
Ang buhay — buhay, kahit
Malayo dito, kahit saan,
Kahit maraming kulang, kahit
Ibang-iba sa pinagmulan namin.

**Simon Bato**

Batid mong nangyari iyon
hindi dahil sinabi niya na kumbaga'y
ibinilin sa walang-hanggan at sinadya
alang-alang sa kamatayang nakatakda
ngayong Biyernes sa ikatlo ng hapon.
Ang totoo’y lumubog ka’t hindi nakaahon,
malamang dahil bumuhol sa isip mo
ang mga latigo sa guniguni at ang takot
sa mga pinagpulupot na tinik at sa mga pakong
kasing laki ng mga nakabaon sa bangka mo
— kinilabutan ka ba’t nanlambot, Simon,
nang matanto mong kung ikaw ang malagay
sa ganoo’y hanggang doon na lamang,
iyon na ang kahihinatnan mo, dahil
hindi ka katulad niya’t tao ka lamang?

Tatlong ulit ka tinanong at tatlong ulit
mong ginustong makatakas, makapagtago,
magkapaglaho sa kahit saan, tulad
ng mga nakinig sa sermon sa burol at
ng libo-libong naniwala’t nagsabing siya nga
ang liwanag, ang tubig at hininga, ang langit
— lumingalinga ka’t wala silang lahat.

Ano sana ang isinagot mo, Simon?
Ganito ba dapat ang inihayag mo:
Oo, tauhan niya akong tapat, at oo,
Siya ang tanging liwanag na sinusundan ko,
Iniutos niyang lumakad ako sa tubig at
lumakad ako, ginawa akong lambat
na titipon sa mga mananampalataya,
kaya aakyat ako sa altar, magbubukas
ng dibdib at maghahandog ng dugo
— hahalinhinan ko siya, aakuin ko
ang pagdurusa nang sa ganoo’y
magiging katulad ako ng Diyos?

Nagpumiglas kang parang isda, Simon,
nilulon ka ng lambat ng biglang dilim at
biglang takot, nanlaban ka, pinilit mong
makawala, at sa loob mo’y humanap ka
ng talim, ng puso at galing, ngunit wala.

Natuliro ka't hindi mo matawasan

pati ang dinasal niya sa hardin, dasal
na naghihinagpis at animo'y sambit
ng isang tao lamang: "Ilayo mo sa akin,
ama ko, ang kopang ito." Nagmistulang
disyertong walang araw ang lahat, at
tulad ng isang manok na nalito't nangilabot,
pumutak ka't tatlong ulit mo siyang itinatwa.

Ngunit Simon, dapat ka lamang natakot.
Hindi ka templong banal na maguguho
sa takdang ikatlo ng hapon at muling mabubuo
sa ikatlong bukang-liwayway. Kung ikaw lamang,
kahit ano pa ma'y hindi ka makatatayo sa dagat,
at walang unos na titigil at tatahimik sa utos mo.

Bato kang basag-basag, Simon, hamak
na laking-lupa, at ang kaharap mo, buong-buo
at walang kamatayan, ay ang katotohanang
nasa iyo't nasa iyo lamang ang pagpapasiya
at hanggang sa katapusa'y tao ka lamang.

*Lumabas siya't umiyak nang umiyak.*
– Lukas 22:62

**Kyrie Eleison**

Para makahalik
sa paa ng nakapako,
hipuin, at manalangin
nang malapitan,
mahaba at mabagal
ang pila mula sa dulo
ng gitnang pasilyo,
isa-isang hakbang
na walang kibo
patungo sa ibaba
ng mataas na altar.
Malamang, para
sa mga banal, wagas
na pag-aalay ng sarili.
Marahil, para sa higit
na marami, taimtim na
paghiling at paghingi
— ng mga nawala o
ng hindi kasingsakit o
ng hindi sukdulan ang
kawalan, ng kung ano'ng
babawas sa hirap at hapis,
malamang kasama
ang kapatawaran para
sa  marami nitong
mga anino ng anak.

Laman at dugo
ang kulay, makintab
dahil sa mga langis
na madalas ipahid,
kasama ng paghimas
ng walang-bilang
na mga kamay. May
hihip, may pahiwatig
ng mga pabango,
luma, naghalo-halo at
wala nang pangalan.
Nabura na ang pintura
sa ilang bahagi dahil
sa dami ng tao at dami
ng taon, kung baga'y
tunay na balat ng tunay
na ugat sa paligid ng sugat

ng mga paang pinagkrus
at ng pakong tumagos,
nagpapaalaala ng haba
ng panahon, ng tindi
ng hirap at hapis, ng
hindi matatapos na
paghiling at paghingi,
naghahayag ng higit
na bigat at higit na lalim,
hanggang sa malayo
dito sa pasilyo, malayo
sa hinahalikang kahoy.

**Ang Matandang Simbahan sa Paoay**

Tanging ang kataastaasan lamang ang nagpakita
ng galit at tanging katahimikan ang nakakaalaala.
Nasa tao ang pagkalimot. Sa itaas, labas ang itim
na parilya at ang dilim sa likod ng yero. Ibon
at malakas na hangin lamang ang nakakaabot.
Dito sa ibaba, kung ano'ng lawak ng sakop, siya'ng
kawalan ng kalinga. Parang lolang butas-butas ang salakot
at wala man lamang kahit manipis na balabal.

Lindol ang gumawa nito. Ngunit bago iyon, nangyari
ang kasalan. Brilyanteng kuwintas ang ipinangbuklod
sa lalaki at babae. Hindi kalayuan sa labas, nagpatayo
nang bilisan ng mga mansyon upang makapagpahinga,
bago ang salu-salo, ang mga nakasuot ng makikislap.
Sa buong paligid, may mga tagabantay, naka-puti
at itim, bumubulong sa mga radyo, tago ang mga sandata.

Tatlong dalagitang naka-uniporme ang naghihintay
sa labas, malapit sa tubig-ulang naipon sa damuhan
at marahil naghihintay ng mga binatilyo at kuwentuhan.
Ngunit malamang hindi pagkukuwentuhan ang nangyari.

Biglang dumagsa ang nakaparaming mga manggagawa,
inalisan ng dungis ang mga antigong ilaw at kandelabra,
ang malawak na sahig, ang malalapad na lumang upuan,
ang mga pader na bato, ang salaming bintana na iba't iba
ang kulay, pinayaman muli ang lumang simbahan
at pinaganda ang mga naglalakihang rehas na bakal.

Maraming salamin ng mga bintana ang nahulog.
Nabasag. Nawala. Marahil ninakaw.
Sa labas, putikan ang matagal
nang hindi napuputol na damo at basa ang paligid
ng mga naghihintay na dalagita. Kulay-abo ang ulap.
Matagal nang hindi naisasalaysay ang nangyari. Wala
ang mga tao noong lumindol at dumaing ang langit.

**Gitling**

Tama ang isang makata:
Mga petsa ang unang nawawala.

Ang petsa ng pagsilang
at ang petsa ng pagpanaw
— may gitling lamang sa pagitan.

Nasa bahagi ng lapida
na madalas natatakpan ng damo,
nilulumot, o binubura na ng panahon.
O nakabaon sa lupa, bihira ngunit
nangyayari din kapag matagal
walang nakakaalaala.

Ibang makata ang nagsabi
na maraming nilalaman ang gitling —
nasa maikling guhit sa gitna
ang kabuuan ng mga kaganapan,
ang mga ginawa at mga hindi nagawa,
sa loob ng isang buhay.
Ngunit sa mga hindi kakilala'y
walang inihahayag iyang tila hiwa.

May mga piraso ng kabibe dito,
ang ila'y nakasingit sa lupa.
Dagat kaya ito noong
dating panahon?

Dati'y walang matataas na damo dito.
Minsang lamang kami nakakita
ng naglilimbag sa lapida.
Mayroong mga nagpipinta
ng mga puntod, pinapuputing
tulad ng buto. Noo'y naririnig namin
ang hihip ng hangin sa buong libingan,
at banayad ang sikat ng araw.

Katulad sa pagtaas ng damo
ang paggawa ng lapida — batid
kung anong kaalaman ang itatago.

Paalis na kami. Kapag hindi nakikita,
kaagad nawawalan ng kahulugan
ang mga pangalan.

**Araw-araw**

Sa araw-araw na pag-ikot mula sa maagang abo ng silangan,
patungo sa kadilawan, sa kaitaasang nakabubulag, sa tahimik

na tagpuan ng langit at lupa, hanggang sa dumidilim na kalahati,
paminsan-minsa'y may tanong kung ano ang nangyayari sa loob

ng agwat na walang sukat: sa pagitan ng dito at takip-silim,
ng kalayuan at pangarap, ng pampang at pangako. Sa gitna

ng dalawang tag-init pumapaikot ang ganitong tanong
at mga pangitain, walang-imik na dumadalaw dito at

dumadalaw muli, dumaraming tulad ng lumot at gunita.
Sa pagitan ng bato at liwanag ng buwan, ng mga bilang

at mga ulap — ng oras ng mga alitaptap, mga panaginip
na lumulundag pahimpapawid, at ng oras na masalimuot

at may dragong nakadapo sa mababang sanga; sa pagitan
ng umaalis na araw, patungo doon sa pinakamalayo, at

ng lumiliwanag na kulay ng uling bago dumating ang umaga;
sa pagitan ng oras na lumalalim habang lumalapit at ng paglaki

ng dati'y isang piraso ng anino sa buwan, dito sa ilalim ng lihim
na patlang, sa loob ng pag-iisa — sa pagitan ng maaga at huli,

ng paggawa at pagkasayang, ng alaala at limot,
sumisibol ang mga tanong, nagbabago at hindi.